

Paggalugad sa mga Karanasan ng mga Gurong Di-Major sa Filipino sa Pagsasalin ng mga Teknikal na Terminolohiya sa Filipino sa mga Piling Larang

ROLLY C. SOMO

Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.
rolly.somo001@deped.gov

Abstrak — Nilalayon ng pag-aaral na ito na galugarin at pagnilayan ang mga karanasan ng mga gurong di-major sa Filipino sa pagtuturo ng pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya sa Filipino sa mga Piling Larang. Gamit ang kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik, isinagawa ang mga panayam at tanong sa pagpapalalim upang makakalap ng makabuluhang datos mula sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa antas senior high school sa loob ng dalawa hanggang limang taon. Ang purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok batay sa tiyak na pamantayan. Siyam (9) na guro mula sa mga paaralan sa Sangay ng Hilagang Kotabato, Rehiyon XII ang napiling kalahok.

Mula sa pagsusuri ng mga datos, lumitaw ang apat na pangunahing tema: Pedagogikal na hamon, Kakulangan sa kagamitang panturo at suportang institusyonal, Inobatibong teknik at malikhaing balangkas ng aralin, at Adhikain para sa propesyonal na pag-unlad bilang tagapagsalin. Ang mga temang ito ay may malinaw na kaugnayan sa mga umiiral na pananaw sa literatura. Iminumungkahi ng pag-aaral ang patuloy na pagsasanay sa teknikal na pagsasalin, partikular sa larangang agham at teknolohiya, pati na rin ang pagbibigay ng sapat na kagamitang panturo at pagpapalawak ng mga programang pang-propesyonal na pag-unlad para sa mga guro.

Keywords — *Pagtuturo, pagsasalin, teknikal na terminolohiya, Filipino, piling larang, pedagogiya, propesyonal napag-unlad, kagamitang panturo*

I. Introduksyon

Ang pagsasaling-wika ay isang mahalagang kasanayan sa pagpapalaganap at pagbabahaginan ng kaalaman sa kabila ng pagkakaiba-iba ng wika. Sa pamamagitan nito, ang anumang agam-agam ukol sa pag-unawa ay nabibigyang-linaw at pagpapakahulugan. Isinasaalang-alang ang papel ng wika bilang tulay ng komunikasyon, nagiging mas makahulugan ang pag-aaral ng pagsasalin, lalo na sa konteksto ng edukasyon at teknikal na larangan.

Bilang guro ng Filipino sa mataas na paaralan, aking nasaksihan at naranasan ang bigat ng pagtuturo ng pagsasalin ng mga salita, partikular na sa mga teknikal na terminolohiya. Lalong tumitindi ang mga hamon sa pagtuturo sa mga gurong hindi pangunahing nag-aral ng Filipino (di-major), na ngayon ay inaasahang magturo ng mga kasanayang panlingguwistika, gaya ng pagsasalin. Ang ganitong sitwasyon ay nagpapalalim sa mga hamon ng edukasyon, lalo na sa mga

gurong nagtuturo sa mga piling larang ng Senior High School, kung saan kinakailangan ang mataas na antas ng teknikal na bokabularyo at angkop na pagsasalin nito sa wikang Filipino.

Ayon kay Mubarak (2019), ang pagtuturo, lalo na ng pagsasalin, ay isang mapaghamong gawain na nangangailangan ng sapat na kaalaman, kasanayan, at awtoridad upang makapagpasa ng wasto at kontekstuwalisadong kaalaman. Itinuturing ngayon ang pagsasalin bilang isang disiplina ng pagkatuto na hindi lamang sumasaklaw sa literal na pagpapalit-wika kundi pati sa malalim na pag-aaral ng istruktura, kultura, at semantika ng dalawang wikang sangkot. Binibigyang-diin pa ni Mubarak na ang mga pagsasanay sa pagsasalin ay nararapat na tumugon sa kasalukuyang pangangailangan at pag-unlad ng edukasyon.

Sa pananaliksik nina Duangmala at Numtong (2022) sa konteksto ng pagsasalin mula sa Thai patungong Tsino, nakita ang mga suliranin ng maling interpretasyon, labis na paliwanag, at pagpili ng mga salitang hindi angkop sa konteksto ng kultura. Ito ay nagpapakita na ang pagsasalin ay hindi lamang usapin ng gramatika kundi ng masalimuot na interkultural na pag-unawa. Sa Pilipinas, kung saan mayroong higit sa 180 wika (Roxas, 2020), ang pagsasalin ay nagsisilbing daan upang mapagtagumpayan ang mga hamon ng komunikasyon at maisulong ang multikultural na pakikipagtalastasan. Gayunman, inaasahan na ang ganitong pagkakaiba-iba ng wika ay nagdudulot din ng mga sagabal, lalo na kung ang mga guro mismo ay hindi bihasa sa wikang kanilang isinasalin.

Sa aking karanasan bilang guro na hindi major sa Filipino, malinaw ang hamon sa pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya sa mga piling larang. Isa itong hamon na personal ko ring naranasan, at higit ko pang nasaksihan sa Hilagang Sanggay ng Cotabato, kung saan maraming gurong hindi major sa Filipino ang humaharap sa parehong sitwasyon. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong ilarawan at unawain ang kanilang mga karanasan sa pagtuturo ng pagsasalin, at higit sa lahat, tukuyin ang mga mekanismong kanilang ginagamit upang mapagtagumpayan ang mga hamon ng pagtuturo ng teknikal na terminolohiya sa Filipino.

Sa kabila ng lumalawak na diskurso sa larangan ng pagsasalin, kapansin-pansin na kakaunti pa rin ang mga pananaliksik na nakatuon sa pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya mula Ingles tungong Filipino sa konteksto ng mga piling larang sa Senior High School. Kaya't ang pananaliksik na ito ay hindi lamang naglalayong punan ang puwang sa panitikang akademiko kundi nag-aambag din sa pagpapalalim ng diskurso sa edukasyong pangwika. Bukod sa kahalagahang edukasyonal, taglay din nito ang kahalagahang panlipunan sapagkat sa pamamagitan ng epektibong pagsasalin ay naipapalaganap ang kaalamang pangkultura, pambansa, at pang-akademiko, na mahalaga sa paghubog ng identidad at kamalayang makabansa ng mga mag-aaral.

Layunin ng Pag-aaral

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay galugarin at suriin ang mga karanasan ng mga gurong hindi major sa Filipino sa pagtuturo ng pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya sa wikang Filipino sa mga asignaturang kabilang sa mga Piling Larang sa Senior

High School. Isinagawa ang pag-aaral na ito sa konteksto ng Sangay ng Hilagang Cotabato, Rehiyon XII, kung saan kinikilala ang mga hamong kinakaharap ng mga gurong hindi dalubhasa sa Filipino ngunit naatasang magsalin at magturo gamit ang wikang ito sa teknikal na disiplina.

Layunin ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na matuklasan ang mga anyo ng karanasan, mga pagsubok, tagumpay, at adhikain na kinakaharap ng mga kalahok sa kanilang pagtuturo. Higit pa rito, hangad ng mananaliksik na matukoy ang mga estratehiyang kanilang ginagamit sa pagsasalin, ang mga mekanismong kanilang binuo upang mapagtagumpayan ang mga suliranin, at ang mga pananaw nila sa kahalagahan ng wasto at makabuluhang pagsasalin sa kontekstong pang-edukasyon.

Ang mga impormasyong malilikom mula sa pananaliksik na ito ay inaasahang makatutulong sa pagbubuo ng mga patakaran at programang pang-edukasyon, partikular sa aspeto ng kurikulum, pedagohiya, at pagtataya. Nais din nitong maging batayan ng mga namumuno sa sektor ng edukasyon sa pagbibigay ng suporta at kapasidad sa mga gurong di-major sa Filipino na humaharap sa hamon ng interdisiplinaryong pagtuturo.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masaliksik at mapalalim ang pag-unawa sa mga karanasan ng mga gurong di-major sa Filipino na nagtuturo ng pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya sa wikang Filipino sa mga Piling Larang. Kaugnay nito, ang pananaliksik ay nagnanais na sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga gurong di-major sa Filipino sa pagtuturo ng pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya sa wikang Filipino sa mga Piling Larang?
2. Ano-ano ang mga adhikain ng mga gurong di-major sa Filipino sa konteksto ng pagtuturo ng pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya sa wikang Filipino sa mga Piling Larang?
3. Paano napagtagumpayan ng mga gurong di-major sa Filipino ang mga balakid sa pagtuturo ng pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya sa wikang Filipino sa mga Piling Larang?

Mga Kaugnay na Mahahalagang Literatura

Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsasalin ng Teknikal na Terminolohiya

Ang pagtuturo ng pagsasalin, partikular ng mga teknikal na terminolohiya sa Filipino, ay isang hamon lalo na sa mga gurong hindi pangunahing eksperto sa wika. Ayon kina Lopez at De Guzman (2022), ang mga gurong di-major sa Filipino ay humaharap sa natatanging suliranin sa kakulangan ng kaalaman, materyales, at pagsasanay upang maisakatuparan nang epektibo ang tungkulin ng pagtuturo ng teknikal na pagsasalin. Pinagtitibay ito ng obserbasyon ni Almario

(2019) na hindi pa kinikilala bilang propesyon ang pagsasalin sa Pilipinas, at walang sapat na institusyunal na suporta para rito.

Dagdag pa rito, ibinunyag nina Caliwara et al. (2019) at Melebo et al. (2019) na ang limitasyon sa mga kagamitang pampagtuturo ay nakaaapekto sa kalidad ng pagkatuto. Si Timbreza (2022) naman ay nagbigay-diin sa kakulangan ng pormal na pagsasanay para sa mga guro sa larangan ng teknikal na pagsasalin, dahilan upang gumamit sila ng sariling pamamaraan at mapilitan ding gumastos mula sa sariling bulsa.

Ayon kay Zhao (2023), malawak ang hamon sa larangang ito dahil sa kakulangan ng standardized na terminolohiya. Samantalang ipinakita nina Pym (2010) at Kiraly (2020) na hindi lahat ng teknikal na termino ay may eksaktong katumbas sa wikang Filipino, kaya't mahalaga ang kontekstwal na paglalapat at masinop na pag-aaral upang maging epektibo ang pagsasalin.

Estratehiya at Pedagogiyang Ginagamit ng mga Guro

Sa kabila ng mga hamon, may mga estratehiyang ginagamit ang mga guro upang mapadali ang pag-unawa at aplikasyon ng teknikal na pagsasalin. Ayon kay Santiago (2020), napatunayang epektibo ang paggamit ng scaffolding, kolaboratibong pagsasalin, at graphic organizers sa pagtuturo ng teknikal na wika. Sinang-ayunan ito nina Balaria at Bernardino (2019) sa kanilang paggamit ng tiered activities na tumutugon sa iba't ibang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa karagdagan, tinukoy nina Cruz at Padilla (2021) na ang paggamit ng differentiated instruction ay nagbunsod ng positibong pagkatuto at mas malalim na pag-unawa sa teknikal na terminolohiya, habang naging inklusibo ang pagtuturo para sa lahat ng mag-aaral.

Papel ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Teknikal na Pagsasalin

Hindi maikakaila ang malaking ambag ng teknolohiya sa pagsasalin at pagtuturo. Sa panahon ng pandemya, binigyang-diin ni Gonzales-Lim (2022) ang kahalagahan ng tumpak na salin ng mga medikal na termino upang mapanatili ang wastong impormasyon sa publiko. Kaugnay nito, ipinakita ni Juancho (2021) na ang paggamit ng Technological Pedagogical Content Knowledge (TPACK) ay nakatulong upang maging mas sistematiko ang pagtuturo ng teknikal na bokabularyo.

Ang pananaliksik nina Figueroa Jr. et al. (2023) ay nagpakita ng epektibong resulta sa paggamit ng VR-based photo tours sa pagtuturo ng teknikal na nilalaman. Samantalang sina Adlaon at Marcos (2021) ay sumuri sa potensyal ng Cebuano-Filipino Neural Machine Translation system upang gawing mas mabilis at tumpak ang pagsasalin.

Propesyonal na Pag-unlad at Institutional na Suporta

Ayon kay Santos (2019), may kakulangan pa rin ng mga tagasalin na may espesyalisadong kaalaman sa teknikal na larang gaya ng agham at inhinyeriya. Kaya't iminungkahi ang mas

aktibong pagsasagawa ng seminar at workshop para sa mga guro upang mapalalim ang kanilang kaalaman sa teknikal na pagsasalin.

Itinaguyod naman ni Cruz (2020) ang pagsasama ng teknikal na pagsasalin sa kurikulum ng mas mataas na edukasyon upang maisanay ang mga mag-aaral sa praktikal na aplikasyon nito. Samantala, binigyang-diin ni Dela Cruz (2023) ang kahalagahan ng interdisiplinaryong pananaliksik at pakikilahok sa mga kumperensya bilang landas tungo sa propesyonalisasyon ng larangan ng pagsasalin.

Adhikain ng mga Guro sa Kabila ng Limitasyon

Kahit di-major sa Filipino, ipinapakita ng mga guro ang matibay na adhikain sa pagbabahagi ng kaalaman sa pagsasalin. Sa pananaliksik ni Sales (2024), nakita ang patuloy na pag-aaral ng mga guro bilang tugon sa kakulangan ng pormal na kurikulum para sa pagsasanay sa pagsasalin. Lumitaw rin ang kanilang pagiging malikhain sa pagbuo ng mga teknik na angkop sa konteksto ng mga mag-aaral.

Binanggit din sa mga pag-aaral na ang mga guro ay nakakabuo ng kumpiyansa sa pagtuturo habang sumasailalim sa mga Professional Development programs. Isa sa mga halimbawa ay ang “Division Training on Pedagogy for Non-English Major SHS Teachers” kung saan natuto ang mga guro ng mas sistematikong pamamaraan sa paghawak ng teknikal na teksto.

Kahalagahan ng Suporta mula sa Administrasyon

Ang institusyonal na suporta ay itinuturing na pundasyon sa matagumpay na implementasyon ng teknikal na pagsasalin. Ayon kay Colina (2024), kinakailangang magkaroon ng sapat na access sa mga kagamitan, tool, at materyales ang mga guro. Dagdag pa rito, ang mga programa ng DepEd ay nagpapakita ng dedikasyon ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga guro sa teknikal na asignatura.

Pagsabay sa Pagbabago: Teknolohiya at AI

Ipinapakita ng pananaliksik nina Arrieta at Ancho (2021) ang positibong pananaw ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya. Ang kanilang kagustuhang “unlearn and relearn” ay patunay ng kanilang bukas na kaisipan sa paggamit ng mga bagong kasangkapan gaya ng AI translation tools. Mahalaga ang ganitong pananaw upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo sa gitna ng mabilis na pagbabago sa teknolohiya.

Pagtatagumpay sa Kabila ng mga Hamon

Ayon kay Lontoc (2020), mas nagiging makabuluhan ang pagtuturo ng teknikal na pagsasalin kung ito ay konektado sa larang ng espesyalisasyon ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Labrador (2021) ang kahalagahan ng interdisiplinaryong kolaborasyon sa pagitan ng mga guro ng Filipino at eksperto sa teknikal na larang.

Ayon naman kay Kiraly (2003), ang kolaboratibong pagsasanay batay sa social constructivist approach ay nagbibigay-daan upang sama-samang lutasin ng mga mag-aaral ang mga suliranin sa pagsasalin. Sa kamakailang pag-aaral ni Zhang (2024), makikita na ang kolaboratibong pagtuturo ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng partisipasyon at mas malalim na pag-unawa sa teknikal na pagsasalin.

II. Pamamaraan

Disenyo ng Pananaliksik

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa pamamagitan ng kwalitatibong metodo na gumagamit ng phenomenological na disenyo. Layunin ng disenyo ng pananaliksik na ito na mailarawan at maunawaan ang mga buhay na karanasan ng mga gurong hindi major sa Filipino kaugnay ng kanilang pagtuturo ng pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya sa wikang Filipino sa mga Piling Larang. Ang phenomenological na pagdulog ay nakatuon sa malalim na pag-unawa sa mga personal na karanasan, paniniwala, at pananaw ng mga kalahok hinggil sa kanilang tungkulin bilang tagapagturo sa kontekstong interdisiplinaryo.

Mga Kalahok

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mga gurong nagtuturo ng asignaturang Piling Larang sa Senior High School sa Sangay ng Hilagang Cotabato na hindi pangunahing nagtapos ng kursong may kinalaman sa Filipino. Pinili sila gamit ang purposive sampling isang paraan ng pagpili ng kalahok batay sa tiyak na pamantayan gaya ng (1) kasalukuyang nagtuturo ng Piling Larang, (2) may aktuwal na karanasan sa pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya tungo sa Filipino, at (3) hindi nagtapos ng kursong edukasyon major sa Filipino. Sa kabuuan, siyam (9) na kalahok ang nakapanayam at nagsilbing pangunahing tagapagbahagi ng karanasan sa pananaliksik.

Lugar at Panahon ng Pananaliksik

Isinagawa ang pananaliksik sa loob ng taong panuruan 2024–2025 sa mga piling pampublikong paaralan ng Senior High School sa ilalim ng Sangay ng Hilagang Cotabato, Rehiyon XII. Ang mga panayam ay isinagawa sa lugar at oras na isinang-ayon ng mga kalahok upang matiyak ang kanilang kaginhawaan at pagiging bukas sa pagbabahagi ng mga karanasan.

Pagkalap ng Datos

Ginamit sa pananaliksik ang semi-istrakturang panayam (semi-structured interview) bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Nagsilbing gabay sa panayam ang inihandang interview guide na binuo batay sa mga layunin ng pananaliksik. Bago isinagawa ang aktwal na panayam, humingi muna ng pahintulot mula sa mga kalahok gamit ang informed consent form. Isinagawa ang panayam sa wikang Filipino, at lahat ng sesyon ay naitala gamit ang audio recorder

upang matiyak ang kawastuhan ng datos. Ang mga datos ay transkrayb at isinalin para sa pagsusuri.

Pag-aanalisa ng Datos

Ang mga datos na nakalap ay isinailalim sa Thematic Analysis ni Braun at Clarke (2006). Sinundan ang mga sumusunod na hakbang: (1) pagbasa at pagrerebyu ng mga transkrip, (2) pagbubuo ng inisyal na mga kodigo, (3) pagbuo ng mga tema, (4) pagrerepaso ng mga tema, (5) pagbibigay-kahulugan sa mga tema, at (6) pagbubuo ng ulat. Layunin ng prosesong ito na mailahad ang mga saloobin at karanasang tumatampok sa realidad ng mga gurong kalahok sa pananaliksik.

Etikal na Pagsasaalang-alang

Tiniyak sa pananaliksik na ito ang pagsunod sa mga etikal na pamantayan. Ang bawat kalahok ay binigyan ng informed consent form at sinigurong boluntaryo ang kanilang paglahok. Pinangalagaan din ang kanilang anonymity at confidentiality sa pamamagitan ng paggamit ng alyas at pag-iwas sa anumang pahiwatig ng kanilang tunay na pagkakakilanlan. Ang mga datos ay gagamitin lamang para sa layuning akademiko at sisirain pagkatapos ng pagtatapos ng pag-aaral.

III. Pagtalakay sa Mga Kinalabasan

Mga Karanasan ng mga Gurong Di-Major sa Filipino sa Pagtuturo ng Pagsasalin ng Teknikal na Terminolohiya sa Filipino sa mga Piling Larang

Ang pagtuturo ng pagsasalin ng teknikal na terminolohiya ay may kasamang positibo at negatibong karanasan para sa mga gurong di-major sa Filipino. Sa kabila ng mga hamon, patuloy silang naghahanap ng malikhaing estratehiya upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa teknikal na pagsasalin. Ang kanilang karanasan ay nasasalamain sa apat na tema: pedagogikal na hamon, kakulangan sa kagamitang panturo at suportang institusyonal, inobatibong teknik at malikhaing balangkas ng aralin, at adhikain para sa propesyonal na pag-unlad bilang tagapagsalin.

Pedagogikal na Hamon sa Pagtuturo ng Teknikal na Pagsasalin

Nahirapan ang mga guro sa paghahanap ng eksaktong salin ng mga teknikal na termino dahil sa kakulangan ng katumbas sa Filipino, kaya kailangang maging malikhain sa paglikha ng alternatibong salita (K1). Bukod dito, ang iba't ibang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral ay nagdudulot ng hamon sa paggamit ng iisang pamamaraan sa pagtuturo (K2). Hindi rin palaging handa ang mga guro sa mga pagbabago sa kurikulum dahil sa limitadong materyales at kakulangan sa suporta (K3).

Ayon sa mga kalahok, malinaw ang hamon ng linggwistikong limitasyon, pagkakaiba-iba ng kasanayan ng mag-aaral, at kakulangan sa materyales na sumusuporta sa pagtuturo ng teknikal na pagsasalin. Kaakibat nito, pinagtibay ito ng mga pag-aaral nina Santiago (2020) at Bowman

(2021) tungkol sa pangangailangan ng malikhaing pamamaraan at differentiated instruction upang mapabuti ang pagtuturo.

Kakulangan sa Kagamitang Panturo at Suportang Institusyonal

Ibinahagi ng mga guro ang kanilang hrap dahil sa kakulangan ng akmang materyales, kawalan ng regular na pagsasanay na nakatutok sa teknikal na pagsasalin, at limitadong suportang institusyonal (K7, K8, K9). Dahil dito, napipilitan silang gumawa ng sariling modules at gumamit ng personal na kagamitan upang mapunan ang kakulangan.

Ang kakulangan ng angkop na sanggunian, pagsasanay, at teknolohiyang panturo ay nagpapahina sa kalidad ng pagtuturo sa teknikal na pagsasalin. Sumusuporta rito ang mga pag-aaral nina Colina (2024) at Santiago (2020), na nagmumungkahi ng mas sapat na suporta mula sa mga institusyon para sa propesyunal na pag-unlad ng mga guro.

Inobatibong Teknik at Malikhaing Balangkas ng Aralin

Bilang tugon sa mga hamon, gumamit ang mga guro ng mga inobatibong teknik tulad ng project-based learning (paglikha ng mini-dictionary ng teknikal na termino), interactive lessons gamit ang graphic organizers, at digital tools gaya ng Canva at PowerPoint (K4, K5). Ang mga malikhaing teknik na ito ay nakatulong upang maging mas kawili-wili at kontekstual ang pagtuturo.

Ang paggamit ng visual aids at interaktibong mga pamamaraan ay sinusupportahan ng pananaliksik ni Mayer (2021), na nagpapakita ng epekto nito sa mas mahusay na pagkatuto, habang ang kontekstuwalisadong pagtuturo naman ay pinagtibay ni Crouch (2020) bilang paraan upang mapataas ang motibasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Adhikain para sa Propesyonal na Pag-unlad Bilang Tagapagsalin

Nais ng mga guro na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa teknikal na pagsasalin sa pamamagitan ng pagsali sa mga seminar, workshop, at pagkuha ng kurso na may kaugnayan sa agham at teknolohiya (K1, K3). Naniniwala sila na ang mas malalim na kaalaman bilang tagapagsalin ay magdudulot ng mas epektibong pagtuturo sa STEM.

Mga Adhikain ng mga Gurong Di-Major sa Filipino sa Pagtuturong Pagsasalin ng mga Teknikal na Terminolohiya sa Piling Larang

Ang pagtuturo ng pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya ay isang malaking hamon, lalo na para sa mga gurong hindi pangunahing espesyalisado sa Filipino. Sa kabila nito, maraming guro ang nagpapakita ng matibay na dedikasyon at malalim na adhikain na maipabatid at maipasa sa kanilang mga mag-aaral ang kahalagahan ng wastong pagsasalin sa piling larang.

Pagkamalikhain at Kumpiyansa sa Pagtuturo ng Pagsasalin

Bagaman hindi sila pangunahing eksperto sa Filipino, ipinapamalas ng mga gurong di-major ang mataas na antas ng pagkamalikhain sa pagtuturo ng pagsasalin ng teknikal na terminolohiya. Halimbawa, may gurong gumagamit ng mga lokal na halimbawa upang hikayatin ang aktibong partisipasyon ng mga estudyante at mapaunlad ang kanilang malikhaing pag-iisip: *“Hindi talaga ako sanay sa pagsasalin, pero ginpangitaan ko gid sang paagi. Gamit ang mga localized nga halimbawa, mas ginaengganyo ko sila mag-participate. Nami gid ang resulta kay nagagwa ang creativity nila” (K1).*

Bukod dito, mahalaga para sa kanila na maramdaman ng mga estudyante ang kanilang kakayahan sa pagsasalin, kaya't tinuturing nila itong isang proseso ng pagkatuto, hindi isang gawain na kailangang maging perpekto agad. Ginagamit nila ang mga visual aids at role-play upang mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral: *“Para sa akon, importante nga makabatyag sila nga kaya nila. Indi ko ginapilit nga perfect ang output nila; ginapabatyag ko nga learning process ini. Ginagunitan ko pa gani ang simple visual aids kag role-play para mas madasig nila masapwan” (K2).*

Sa huli, naipapakita rin ang paglago ng kumpiyansa ng mga estudyante sa pamamagitan ng mga simpleng aktibidad sa pagsasalin, na nagdudulot ng kasiyahan at tagumpay sa guro at mag-aaral: *“Ang mga estudyante ko shy type sa una, pero sang ginpa-translate ko sila sang simple na recipe kag ginpa-explain sa Filipino, nakita ko gid nga naglakat confidence nila. Daw nami man sa feeling nga ikaw ang nagbukas sang pinto para diri sa ila” (K3).*

Pag-angkop sa Makabagong Teknolohiya at Hamon ng AI

Bagamat may mga pag-aalinlangan sa simula, unti-unting napagtanto ng mga guro ang kahalagahan ng mga makabagong teknolohiya bilang pantulong sa pagtuturo at pagkatuto, kabilang na ang mga machine translation tools tulad ng Google Translate, DeepL, at mga computer-assisted translation (CAT) tools: *“Gintry ko gamit ang Google Translate kag DeepL sa klase. Sa una daw gapangduha-duha ako, pero nakita ko gid nga maayo siya nga supplementary tool. Pero ginahambal ko guid sa ila nga indi magkompyansa, kay may mga sala pa man gid ini” (K4).*

Sa kabila ng limitadong kaalaman sa teknolohiya, nagsumikap ang ilan na matutunan ang paggamit ng mga makabagong aplikasyon sa tulong ng kanilang IT coordinator upang maging mas epektibo sa pagtuturo: *“Honestly, hindi ako techie, pero ginpangayoan ko sang bulig ang IT coordinator namon para makabalo gamit sang CAT tools. Subong, confident na ako magpa-activity gamit ang mga translation apps” (K5).*

Ipinapahayag din nila na ang AI ay isang kasangkapan lamang at hindi dapat maging kapalit ng guro. Mahalaga ang pag-unawa sa konteksto, kultura, at intensyon ng mga teksto, na hindi ganap na kaya ng teknolohiya: *“Para sa akon, AI is a tool, not a teacher. Ginapahibalo ko*

na dapat gamiton lang siya bilang guide. Sa translation, importante guid ang pagka-intindi sang kultura kag intensyon sang text, indi lang literal nga hubad” (K6).

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga tugon ang kanilang mapanuring paggamit ng teknolohiya at AI bilang katuwang sa pagtuturo, na may malinaw na hangarin na mapanatili ang kalidad at lalim ng pagsasalin.

Kahalagahan ng Suportang Institusyonal at Propesyonal na Pag-unlad

Hindi lamang sariling pagsisikap ang mahalaga sa pag-unlad ng mga guro sa larangan ng teknikal na pagsasalin, kundi ang sapat na suporta mula sa mga institusyon at ang tuloy-tuloy na propesyonal na pag-unlad. Marami sa mga guro ang humihiling ng mas maraming training, seminars, at capacity-building programs upang mapalawak ang kanilang kasanayan: *“Nagapangayo gid kami sang training para diri sa translation. Biskan simple lang, basta may support. Subong, gapangita lang kami online resources kay kulang gid kami sang materials” (K7).*

Ayon sa kanila, ang kakulangan ng structured support at gabay ay nagiging hadlang sa mabilis na pag-angkop at pag-unlad: *“Gani guid. Kung may regular nga capacity-building para sa amon nga di-major, mas madasig kami maka-adapt. May eagerness man kami magtuon, pero daw kulang sang guidance kag structured support” (K8).*

Isang makabuluhang seminar ang nakatulong sa kanilang pagkatuto, kaya nais nila ng mas madaming ganitong pagkakataon: *“May isa gid ka seminar nga ginhambalan sang expert about technical translation. After sini, damo ko gid nadiskubre nga strategy. Gusto ko pa tani sang mas madamo pa nga amo sina para indi kami mabitin” (K9).*

Nakasaad sa mga pag-aaral (Colina, 2024) na ang kakulangan ng institusyonal na suporta, tulad ng regular na pagsasanay at sapat na mga materyales, ay pangunahing hadlang sa pagiging epektibo ng mga guro sa pagtuturo ng teknikal na pagsasalin. Gayundin, tinutukoy ni Santiago (2020) ang matinding pagsisikap ng mga guro na mapabuti ang kanilang kasanayan sa kabila ng mga limitasyon sa oras at pinansyal na suporta. Ayon naman kina Bowker at Marshman (2020), bagamat nakatutulong ang mga makabagong teknolohiyang pantulong sa pagsasalin, hindi nito kayang palitan ang kritikal na pag-unawa ng guro sa kultura at intensyon ng teksto. Itinatampok naman ni Crouch (2020) ang pangangailangan ng mga guro na balansehin ang teknolohiya at ang kanilang sariling pagsusuri upang mapanatili ang kalidad ng mga salin.

Sa kabuuan, malinaw na ang pag-unlad ng mga gurong di-major sa Filipino sa larangan ng teknikal na pagsasalin ay nakasalalay hindi lamang sa kanilang personal na pagsisikap kundi higit sa lahat sa masinsin at sistematikong suporta mula sa mga institusyon at propesyonal na komunidad.

Paano Napagtatagumpayan ng mga Gurong Di-Major sa Filipino ang mga Balakid sa Pagtuturo ng Pagsasalin ng mga Teknikal na Terminolohiya sa Filipino?

Upang matugunan ang mga hamon sa pedagohikal na aspeto ng pagtuturo ng pagsasalin, nakabuo ang mga guro ng iba't ibang makabago at malikhaing estratehiya. Batay sa mga umiiral na literatura, lumitaw ang ilang mahahalagang tema na sumasalamain sa kanilang mga inobasyon, adaptasyon, at adhikain tungo sa mas epektibong pagtuturo ng pagsasalin sa konteksto ng edukasyon

Kolaboratibo at Kontekstuwal na Pagtuturo sa Pagsasalin

Mula sa mga salaysay ng mga gurong kalahok, lumitaw ang temang kolaboratibo at kontekstuwal na pagtuturo ng pagsasalin bilang isang mahalagang estratehiya sa pagharap sa mga hamon ng pagtuturo. Bilang mananaliksik at guro ng mga asignaturang piling larang, nauunawaan ko rin ang kahalagahan ng kakayahang umangkop upang magtagumpay sa ganitong uri ng pagtuturo. Isa sa mga guro ang nagsabi: *"Sa tingin ko, malaking tulong ang propesyonalisasyon sa pagtuturo ng pagsasalin. Kung may mga regular na pagsasanay at seminar ukol dito, mas magiging handa kami sa pagharap sa mga hamon ng pagsasalin. Mahalaga na may suporta mula sa institusyon sa pagpapalawak ng aming kaalaman, tulad ng mga workshop o webinars tungkol sa mga bagong tool sa pagsasalin at mga makabagong estratehiya sa pagtuturo."* (K2)

Gayunpaman, may mga guro rin na nag-ulat ng kakulangan sa kasalukuyang suportang institusyonal, na nagdudulot ng pangangailangan para sa sariling inisyatiba sa pag-unlad: *"Sa kasalukuyan, wala kaming sapat na suportang institusyonal para sa pagsasanay sa pagsasalin. Halimbawa, hindi kami madalas nakakakuha ng mga oportunidad para sa professional development na nakatuon sa pagsasalin, kaya't kami na lang din ang nag-iisip ng paraan kung paano mapapabuti ang aming kakayahan. Kung may institutional support na magbibigay ng mga training sa tamang pagsasalin at mga makabagong teknolohiya, tiyak mas mapapabuti ang kalidad ng aming pagtuturo."* (K4)

Ang mga tugon na ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas malawak na propesyunal na pagsasanay at institusyonal na suporta upang mapataas ang kalidad ng pagtuturo sa larangan ng pagsasalin. Makikita rito ang kagustuhan ng mga guro na patuloy na matuto at umunlad bilang mga propesyonal, subalit nahaharap sa limitasyon dahil sa kakulangan ng mga oportunidad at suporta mula sa mga institusyon.

Pagsasanib ng Teknolohiya at Gawain sa Silid-Aralan

Isa pang estratehiya na kinilala ay ang paggamit ng teknolohiya bilang bahagi ng pagtuturo upang mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinahayag ng mga kalahok na malaking tulong ang mga digital tools at online platforms sa pagpapadali ng pagpapaliwanag ng mga konsepto at pagtutulungan ng mga mag-aaral: *"Para sa amin, malaking tulong ang paggamit ng teknolohiya sa klase, lalo na ang mga digital tools tulad ng PowerPoint at Canva. Mas madali naming*

naipakikita ang mga konsepto at terminolohiya sa pamamagitan ng visual aids, kaya mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga komplikadong ideya." (K1)

"Sa pagtuturo ng pagsasalin ng mga teknikal na asignatura, ginagamit namin ang mga online platforms para sa collaborative learning. Ginagamit namin ang mga tools na tulad ng Google Docs at online discussion forums para mag-collaborate ang mga estudyante sa kanilang mga proyekto. Pero, usahay, may mga estudyante kami nga wala sang stable nga internet connection, gani daw lisud sila mag-participate sa mga online activities. Kailangan pa gid sang dugang nga suporta para sa mga estudyante nga wala sang access sa teknolohiya." (K3)

Ang paggamit ng teknolohiya ay nagbigay ng mas interaktibo at kawili-wiling karanasan sa pagkatuto, na siyang nakatutulong upang mas maintindihan ng mga mag-aaral ang mga teknikal na terminolohiya. Gayunpaman, lumitaw rin ang pangangailangan para sa mas sistematikong suporta, tulad ng pagsasanay sa mga guro at pag-aayos ng mga pasilidad, upang mas mapabuti ang paggamit ng teknolohiya. Sumasang-ayon ito sa mga pananaw nina Bowker at Marshman (2020) na mahalaga ang pagiging pamilyar ng mga guro at mag-aaral sa mga digital tools upang maging handa sa propesyonal na larangan ng pagsasalin.

IV. Pangunahing Resulta ng Pananaliksik

Sa kabuuan, lumitaw mula sa pananaliksik na ito na ang mga gurong di-major sa Filipino ay humaharap sa maraming hamon sa pagtuturo ng pagsasalin ng teknikal na terminolohiya sa Filipino, lalo na sa kontekstong interdisiplinaryo. Una, napag-alamang maraming guro ang nahihirapan sa pag-angkop ng mga teknikal na termino mula sa Ingles tungo sa Filipino dahil sa kakulangan ng kaukulang kaalaman sa wika at sa mismong larangan ng pagsasalin. Ang kawalan ng opisyal at istandardisadong salin ng mga terminolohiya ay nagdudulot ng kalituhan at pangamba sa pagtalakay ng mga konseptong teknikal sa klasrum.

Ikalawa, ipinahayag ng mga kalahok na ang limitadong suporta mula sa kanilang mga institusyon gaya ng kakulangan ng materyales, kakulangan ng pagsasanay, at kawalan ng gabay mula sa mas eksperto ay nagsisilbing hadlang sa mabisang pagtuturo. Bagama't ginagawan nila ito ng paraan sa pamamagitan ng paggamit ng malikhaing estratehiya gaya ng paggawa ng sariling materyales at paggamit ng teknolohiya, malinaw na naroroon ang pangangailangan para sa mas sistematikong suporta.

Ikatlo, sa kabila ng mga balakid, nakita rin ang resiliency at inobatibong kakayahan ng mga guro. Ginagamit nila ang mga modernong kagamitan tulad ng PowerPoint animations, Canva, at iba pang digital tools upang mas maging kaaya-aya at interaktibo ang pagtuturo. Sa ganitong paraan, nabibigyang-daan ang mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga teknikal na terminong inilalahad sa wikang Filipino.

Bukod pa rito, lumitaw din na may matibay na kagustuhan ang mga gurong di-major sa Filipino na mapaunlad ang kanilang propesyunal na kakayahan sa larangan ng teknikal na

pagsasalin. Ang kanilang mga adhikain ay nagpapakita ng dedikasyon sa pagtuturo sa kabila ng kakulangan sa pormal na pagsasanay.

Panghuli, napagtanto rin sa pananaliksik na ang kakulangan ng istandardisadong terminolohiya sa teknikal na larangan ay hindi lamang hamon kundi oportunidad para sa mga guro na aktibong makibahagi sa paglikha at pagbuo ng mga salin. Sa ganitong konteksto, ang papel ng guro ay hindi na lamang limitado sa pagtuturo kundi lumalawak tungo sa ambag sa diskursong akademiko at lingguwistiko ng wikang Filipino sa teknikal na edukasyo.

REFERENCES

- [1] Adlaon, R. A., & Marcos, J. S. (2021). Improving Cebuano-Filipino neural machine translation system using back-translation. *Philippine Journal of Linguistics and Language Studies*, 16(2), 35–52.
- [2] Almario, V. S. (2019). *Mga Salita ng Taon: Wika, Salin, at Panahon*. Sentro ng Wikang Filipino.
- [3] Arrieta, G. A., & Ancho, I. V. (2021). Teachers' experiences in the new normal: Unlearning, relearning, and learning. *Journal of Learning and Development Studies*, 1(1), 1–12. <https://doi.org/10.32996/jlds.2021.1.1.1>
- [4] Balaria, J. A., & Bernardino, R. A. (2019). Contextualized differentiated instruction in the teaching of Filipino. *Journal of Teaching Innovations*, 3(1), 88–102.
- [5] Caliwara, R. M., Dela Cruz, M. T., & Espino, L. R. (2019). Mga problemang kinahaharap ng mga guro sa asignaturang Filipino. *Dalamat: Journal of Interdisciplinary Studies*, 10(1), 14–25.
- [6] Colina, S. (2024). *Training translators for the real world: A curriculum for the twenty-first century*. John Benjamins Publishing.
- [7] Cruz, A. C. (2020). Pagsasalin bilang kasanayan sa mas mataas na edukasyon: Panukalang kurikulum. *Journal of Language Teaching and Research*, 5(3), 205–216.
- [8] Cruz, D. R., & Padilla, K. A. (2021). Differentiated instruction in teaching Filipino to technical-vocational students. *Asian Journal of Education*, 12(2), 123–135.
- [9] Dela Cruz, M. A. (2023). Interdisciplinary collaboration: Key to effective technical translation pedagogy. *Philippine Journal of Applied Linguistics*, 14(1), 56–69.
- [10] Duangmala, P., & Numtong, N. (2022). Challenges in translating technical terms from Thai to Chinese: A linguistic and cultural analysis. *Journal of Language and Translation Studies*, 14(2), 89–104.
- [11] Figueroa Jr., R. T., Salazar, M. G., & Uy, J. P. (2023). VR-based photo tours in delivering specialized content in the Philippine setting. *e-Asia Journal of Educational Technology*, 2(1), 47–59.
- [12] Gonzales-Lim, M. C. (2022). Translating COVID-19: The role of Filipino translators in ensuring information access. *Saling Panlipunan*, 4(1), 89–100.
- [13] Juancho, R. L. (2021). Integrating TPACK in the teaching of Filipino: A case study in technical translation. *Asian Journal of Language Studies*, 7(1), 77–91.
- [14] Kiraly, D. (2003). From instruction to collaborative construction: A passing fad or the promise of a paradigm shift in translator education? *Meta: Translators' Journal*, 48(4), 498–506.

- [15] Kiraly, D. (2020). Translation pedagogy and the empowerment of learners. In T. Kelly & R. S. Pym (Eds.), *Innovation in Translator and Interpreter Training* (pp. 123–140). Routledge.
- [16] Labrador, J. L. (2021). Interdisciplinary teaching strategies for effective translation instruction. *The Philippine Normal University Journal of Education and Human Development*, 9(1), 70–85.
- [17] Lopez, G. S., & De Guzman, R. T. (2022). Karanasan ng mga gurong di-major sa Filipino sa pagtuturo ng pagsasalin. *Sibika at Kultura Journal*, 6(2), 98–115.
- [18] Lontoc, M. L. (2020). Kontekstuwalisadong pagtuturo ng Filipino sa teknikal na edukasyon: Isang etnograpikong pag-aaral. *Taliba ng Wika*, 5(1), 30–49.
- [19] Melebo, J. A., Santos, P. D., & Valerio, H. G. (2019). Mga hamon sa pagtuturo ng Filipino sa mga gurong hindi major sa asignatura. *Wika at Pananaliksik*, 4(2), 45–59.
- [20] Mubarak, A. A. (2019). Teaching and learning translation: A pedagogical challenge in Saudi Arabia. *International Journal of Language and Linguistics*, 6(3), 45–52. <https://doi.org/10.11648/j.ijll.20180603.12>
- [21] Pym, A. (2010). *Exploring translation theories* (1st ed.). Routledge.
- [22] Roxas, R. M. (2020). The multilingual landscape of the Philippines: Languages and identities. *Philippine Journal of Linguistics*, 51(1), 1–18.
- [23] Sales, J. B. (2024). Pedagogical practices in teaching Filipino translation: Insights from non-major instructors. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 25(1), 145–162.
- [24] Santiago, E. B. (2020). Mabisang estratehiya sa pagtuturo ng pagsasalin ng tekstong teknikal sa senior high school. *Lingua et Littera*, 3(1), 112–125.
- [25] Santos, F. D. (2019). Kakulangan ng tagasalin sa teknikal na larang: Isang hamon sa edukasyon. *Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino*, 10(2), 68–80.
- [26] Timbreza, C. C. (2022). Problema sa pagsasalin: Karanasan ng mga guro sa rehiyon. *Diwa: Journal ng Kolehiyo ng Wika*, 11(1), 89–104.
- [27] Zhang, L. (2024). Collaborative translation pedagogy and learner engagement in technical fields. *Journal of Translation Studies*, 45(2), 134–150.
- [28] Zhao, Q. (2023). Terminological challenges in multilingual technical translation. *International Journal of Translation and Terminology*, 18(1), 22–38.